



Ang Pagtitipon-tipon ng Sambayanan



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gw 15: 1-2,22-29)

¹Noong mga araw na iyon: May ilang taong dumating sa Antioquia, mula sa Judea, at itinuro sa mga kapatid ang ganito: “Kapag hindi kayo nagpatuli ayon sa Kautusan ni Moises, hindi kayo maliligtas.”²Tinutulan ito nina Pablo at Bernabe at naging mainitan ang kanilang pagtatalo tungkol dito. Kaya’t **napagkaisahang papuntahin sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ang ilan pang kapatid** sa Antioquia, upang makipagkita sa mga apostol at sa matatanda tungkol sa suliraning ito.

²²Kaya’t minabuti ng mga apostol, ng matatanda, at ng buong Simbahan na pumili ng ilan sa kanila upang suguin sa Antioquia, kasama nina Pablo at Bernabe. At sinugo nila ang mga

pangunahin ng mga kapatid: si Judas na tinatawag na Barsabas, at si Silas.²³Ipinadala nila ang sulat na ganito ang nilalaman:

“Kaming mga apostol at matatanda ay bumabati sa mga kapatid na Hentil sa Antioquia, sa Siria at Cilicia.²⁴Nabalitaan naming ginugulo kayo ng ilang kasamahang galing dini, bagama’t hindi namin sila inutusan. Di-umano’y binabagabag kayo sa pamamagitan ng kanilang sinasabi. ²⁵Kaya’t napagkaisahan naming magpadala sa inyo ng mga sugo. Kasama sila ng ating minamahal na Bernabe at Pablo, ²⁶na di nag-atubiling itaya ang kanilang buhay sa paglilingkod sa ating Panginoong Hesukristo.

²⁷Sinusugo nga namin sa inyo sina Judas at Silas upang ipaliwanag sa inyo ang nasasaad sa sulat na ito. ²⁸Sa udyok ng Espiritu Santo, ang naging pasiya namin ay huwag na kayong atangan

ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na talagang kailangan: ²⁹huwag kayong kakain ng anumang inihandog sa mga diyus-diyusan, ng dugo, at ng hayop na binigti. Huwag kayong makikiapid. Layuan ninyo ang mga bagay na ito, at mapapabuti kayo. Paalam.”

Tema: Ang Katanungan Hinggil sa Pagsunod ng mga Hentil sa mga Batas ng mga Hudyo

PAGPAPALIWANAG

- Sa b. 22 ipinapahayag na tinatalakay ng mga namumuno sa simbahan ng Jerusalem ang suliranin tungkol sa pagpapatuli. Ipinarating nila ang kanilang kapasyahan sa Antioquia sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan (sina Judas at Silas).
- Ang b. 23 ay naglalaman ng pagbati ng simbahan ng Jerusalem sa simbahan ng Antioquia.
- Ang b. 24 ay nagpapahayag ng nilalaman ng sulat. Isinasaad nito ang pagpapahayag ng ilang kasapi ng walang pahintulot (walang kautusan) (ilegal na gawain!) = pagkalito at pagsagabal.
- Sa b. 25, ang mga naitalagang kinatawan ay sina Bernabe at Pablo (b. 27).
- Sa bb. 28-29 ipinapahiwatig ang mga dapat at di dapat gawin ng isang nabinyagang Hentil. Samakatuwid, hindi dapat ipatong sa balikang mga nabinyagang Hentil ang Batas ng mga Hudyo.

SALMONG TUGUNAN (Slm 67:2-3, 5,6,8)
NAWA'Y MAGPURI SA IYO
ANG LAHAT NG MGA TAO.

IKALAWANG PAGBASA (Pag 21:10-14, 22-23)

¹⁰Nilukuban ako ng Espiritu, at inihatid ako ng anghel sa ibabaw ng isang napakataas na bundok. Ipinakita niya sa akin ang **Jerusalem**,

ang Banal na Lunsod, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos. ¹¹Nagliliwanag ito dahil sa kaningningan ng Diyos; kumikislap na gaya ng hiyas na haspeng sinlinaw ng kristal. ¹²Ang pader nito’y makapal at mataas at may labindalawang pinto, bawat isa’y may bantay na anghel. Nakasulat sa mga pinto ang pangalan ng labindalawang lipi ng Israel. ¹³Tatlo ang pinto ng bawat panig: tatlo sa silangan, tatlo sa timog, tatlo sa hilaga, at tatlo sa kanluran. ¹⁴Ang pader ng lunsod ay may labindalawang saligang-bato at nakasulat dito ang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero.

²²Napansin ko na walang templo sa lunsod sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapang-yarihan sa lahat at ang Kordero ang pinaka templo roon. ²³Hindi na kailangan ang araw o ang buwan upang liwanagan ang lunsod pagkat ang kaningningan ng Diyos ang nagbibigay-liwanag doon, at ang Kordero ang siyang ilawan.

Tema: Ang Pangitain ng Bagong Jerusalem

PAGPAPALIWANAG

- Detalyadong inilarawan ng teksto ang anyo ng bagong Jerusalem at kung ano ang magiging hitsura nito sa katapusan ng panahon. Tingnan at mamahangha sa kagandahan nito!

PAGNINILAY

Nakahanda dapat tayong tanggapin ang gawa ng ating imahinasyon kapag ating binabasa ang aklat ng Pahayag.

Hindi matatawaran ang pangako ng Diyos na bigyang gantimpala iyong mga nasawi para sa pananampalataya. Ang lungsod ng Jerusalem na hangad ng bawat Hudyong puntahan upang damhin ang presensya ng Diyos ay nakabibighani at nakapagbibigay ng inspirasyon.

Ang mga Kristiyano ay dapat maging handang tanggapin ang ganitong uri ng paglalarawan

upang maranasan ang ibang pananaw.

MABUTING BALITA (Jn 14:23-29)

²³Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, “Ang umiibig sa akin ay tutupad ng aking salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami’y sasakanya at mananahan sa kanya.

²⁴Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad sa aking mga salita. Hindi akin ang salitang narinig ninyo, kundi sa Amang nagsugo sa akin.

²⁵“Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito samantalang kasama pa ninyo ako. ²⁶Nguni’t ang Patnubay, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

²⁷“Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot.

²⁸Sinabi ko na sa inyo, ‘Ako’y aalis, ngunit babalik ako.’ Kung iniibig ninyo ako, ikagagalak ninyo ang pagpunta ko sa Ama, sapagkat dakila ang Ama kaysa akin. ²⁹Sinasabi ko na ito sa inyo bago pa mangyari upang, kung mangyari na, kayo’y manalig sa akin.”

Tema: **Tungkol sa Pagmamahal kay Hesus**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay pagpapatuloy ng pamamaalam ni Hesus sa kanyang mga disipulo Ito ay nasa konteksto ng Huling Hapunan.
- Sa b. 23, maikling ipinahayag ni Hesus ang ugnayan ng pag-ibig sa kanya at ang pagtupad sa kanyang salita. Ang pag-ibig at salita ay magkaugnay. Walang sinuman ang maaring magmahal kay Hesus na hindi lubusang tinatanggap ang kanyang salita.
- Sa b. 25 ipinapakilala ang Espiritu Santo at ang gampanin nito (ang magturo at magpaalala).

- Sa b. 27 ipinapahayag na ang kapayapaan ay dapat manahan sa atin. Ang kapayapaang ito ay iba sa kapayapaang kayang ibigay ng mundo: sa pamamagitan ng mga digmaan, kamatayan ng mga kaaway o kung ano pa man.
- Sa b. 28, ipinahayag ni Hesus ang kanyang paglisan at ibinilin na walang sinuman ang dapat malungkot sa kanyang pag-alis, sa halip, dapat magalak ang lahat.

PAGNINILAY

Ang mga apostoles ay kinailangang mahiwalay kay Hesus. Dapat nating unawain na ang paghiwalay na ito ay paghiwalay sa pisikal na Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumutukoy sa mga nabinyagang Hentil at kung ano ang mga bagay na dapat panatilihin. Hindi dapat ipatong sa kanila ang Batas ng mga Hudyo. Ang Ikalawang Pagbasa ay tumutukoy naman sa bagong Jerusalem. Ang Mabuting Balita ay tumutukoy sa pag-ibig kay Hesus at ang bunga nito.






III. SALAMIN NG BUHAY

1.Paano mo lalong mahihikayat ang mga layko lalo na ang mga kabataan sa iyong parokya o komunidad na maging aktibo at mas lalong makilahok? (HM)

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Darren Louie Estomo

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)